



# Papel na Naglalaman ng mga Katunayan

## **Impormasyon para sa mga Aplikante: Pagtitiyak ng Katayuang Pang-imigrasyon at Kung Paano Itumpak ang Inyong Rekord sa USCIS**

Maraming pederal, pang-estado at lokal na ahensiya ang humihingi ng pagpapatunay ng katayuang pang-imigrasyon ng mga aplikante para sa mga benepisyo, at nang matiyak na iyon lamang kuwalipikadong mga dayuhan o naturalisadong mamamayan at mga "derived citizens" (naging mamamayan dahil naging mamamayan ang mga magulang habang hindi pa umaabot ang anak na may hawak na "green card" [sertipikasyon ng pagiging permanenteng legal na residente] sa edad na 18) ang makatatanggap ng mga benepisyo. Pinapatunayan ng mga ahensiyang ito ang katayuang pang-imigrasyon sa pamamagitan ng paggamit ng Systematic Alien Verification for Entitlements (SAVE) Program (Programang Sistemang Pagpapatunay sa mga Dayuhan para sa Kanilang mga Karapatan) ng U.S. Department of Homeland Security (Kagawaran ng Pambansang Seguridad ng Estados Unidos), U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) (Mga Serbisyo para sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos).

Isinumite po ng ahensiyang nagbibigay ng benepisyo ang inyong impormasyon sa Programang SAVE para sa pagpapatunay. Dahil hindi matiyak ng Programang SAVE ang katayuan ng inyong imigrasyon matapos makumpleto ang isang proseso kung saan kasama sa mga hakbang nito ang pagbibigay ng ahensiya sa USCIS ng kopya ng dokumentasyon ng inyong imigrasyon, kinakailangang mabigyan kayo ng pagkakataon na maitama ang inyong mga rekord sa USCIS, at nang makapag-sumite muli kayo ng aplikasyon para sa benepisyo, at/o maidulog ang pagtanggap sa inyong benepisyo. Pakitala lang po na maraming dahilan kung bakit hindi mapatunayan ng Programang SAVE ang katayuan ng inyong imigrasyon. Ang kawalang kakanyahan ng Programang SAVE para sa pagpapatunay sa inyong katayuan ay hindi kinakailangang mangahulugan na wala kayong autorisasyon na manatili sa Estados Unidos, o na hindi kayo nararapat makatanggap ng benepisyo na hiniling ninyong magkaroon kayo.

Kung naniniwala po kayo na ang pagtugon ng Programang SAVE sa ahensiyang nagbibigay ng benepisyo ay hindi nagbigay ng wastong impormasyon hinggil sa inyong tunay na katayuang pang-imigrasyon at/o kailangan ninyong maitama ang rekord ng inyong imigrasyon, mangyari pong makipag-ugnay sa USCIS sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na pamamaraan:

**1. Magpatakda ng oras ng pakikipagkita para sa isang harapang pakikipanayam sa isang lokal na opisina ng USCIS.** Maaari po kayong magpatakda ng oras ng pakikipagkita sa isang lokal na opisina ng USCIS sa "website" (pahina sa internet) ng Infopass, sa <http://infopass.uscis.gov>, o sa pamamagitan ng pagtawag sa National Customer Service Center (Pambansang Sentro para sa Serbisyo sa Kostumer) sa **1-800-375-5283**. Ang pagtatakda po ng oras ng pakikipagkita ang pinakamabilis na pamamaraan para maitama ang inyong mga rekord. Inirerekomenda po namin na dalhin ninyo sa inyong pakikipagkita ang Fact Sheet (Papel na Naglalaman ng mga Katunayan) na ito, ang dokumentasyon na nagpapatunay sa katayuan ng inyong imigrasyon, at ano mang impormasyon na ipinagkaloob sa inyo ng ahensiyang nagbibigay ng benepisyo, hinggil sa dahilan kung bakit ayon sa inyong katayuang pang-imigrasyon, ay hindi kayo nararapat makatanggap ng benepisyo.

**2. Magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat.** Kung alam po ninyo ang impormasyon na kinakailangang maitama sa inyong rekord, maaari kayong magsumite ng kahilingan na itama ang aming mga rekord sa Opisina ng Freedom of Information Act/Privacy Act (Batas para sa Kalayaan ng Impormasyon/Batas para sa Karapatang maging Pribado (FOIA/PA) sa sumusunod na adres:

Privacy Act Amendment  
U.S. Citizenship and Immigration Services  
National Records Center  
FOIA/PA Office  
P.O. Box 648010  
Lee's Summit, MO 64064-8010

**Inirerekomenda po namin na isama ninyo ang mga sumusunod na impormasyon sa inyong mga isusumite, kung mayroon kayo ng mga ito:**

- Ang estado kung saan itinanggi sa inyo ang inyong mga benepisyo
- Hindi wastong impormasyon
- Mungkahing (mga) pagbabago sa rekord
- Petsa at Lugar ng kapanganakan
- Adres kung saan kayo masusulatan
- Mga kopya ng inyong mga dokumento para sa katayuan ng inyong imigrasyon/naturalisasyon
- Dahilan kung bakit hindi ito wasto
- Numero ng A-File (datos hinggil sa imigrasyon) at/o buong pangalan
- Notarisadong pirma ng aplikante
- Iba pang impormasyon na maaaring makatulong para mahanap ang rekord

Kung hindi po ninyo alam ang impormasyon na kinakailangan ninyong maitama, maaari kayong magsumite ng nakasulat na kahilingan para makuha ang aming mga rekord sa pamamagitan ng pagsusumite ng Form G-639 (Pormularyo G-639), *FOIA/PA Request (Kahilingan para sa FOIA/PA)*. Maaari pong makuha ang pormularyong ito mula sa pinakamalapit na opisina ng USCIS, o sa pamamagitan ng pahina ng internet sa <http://www.uscis.gov/files/form/g-639.pdf>. Maaari po ninyong magamit ang adres na natukoy sa itaas, pero kailangan ninyong markahan ang sobre ng "*Privacy Act Request*" (*Kahilingin para sa Batas para sa Karapatang Maging Pribado*) sa halip na "*Privacy Act Amendment*" (*Susog sa Batas para sa Karapatang Maging Pribado*).